TØNSBERG
KOMMUNE

IMPORMASYON

# Prinsipyo ng libreng paaralan



***Mga pangkalahatang-ideya:*** *Ano-anong mga gastos o mga bagay na sasakupin ng paaralan na libre, at ano ang mga bagay na ang mga magulang ang maglaan?*



## Mga gastos na dapat bayaran ng paaralan:

- Transportasyon sa mga aktibidad na bahagi ng pagtuturo o oras ng paaralan (halimbawa: bus papuntang swimming pool, mga museo, cross-country trail, teatro, para sa magdamag na biyahi).
- Mga kaganapang itinataguyod ng paaralan.
- Paglalakbay at pagpanatili sa camping (transportasyon, pagkain at kung saan manatili).
- Mga gamit sa paaralan:
  - Mga materyales sa pagsusulat at pagguhit
  - Mga aklat-aralin
  - Kalkulator
  - PC/tablet
- Pagkain na kakainin ng mga mag-aaral na may kaugnayan ng paksang pagkain at kalusugan (Food and Health subject)
- Mga materyales na kailangan ng mga mag-aaral sa takdang-aralin



## Mga gastusin na ang mga magulang ang maglaan:

- Mga damit sa gym (P.E), sapatos pang-gym, damit panlabas para sa lahat na klaseng panahon.
- Pagkain para sa tanghalian.
- Nasirang mga materyales o gamit sa paaralan, at iba pang resulta sa paninira (lalo na kung ito ay sinasadya na sirain ng isang mag-aaral). Ito ay alinsunod sa alituntunin ng paaralan sa munisipalidad ng Tønsberg.

*Kaugnay ng mga kaso ng kompensasyon, isaalang-alang din ang edad at functional na kakayahan ng mag-aaral.*

## Mga kagamitang maaring dalhin ng mga mag-aaral mula sa bahay:

- *Kagamitang pang-ski*
- *Bisikleta*
- *Sapatos pang ice skating*
- *Mga gamit sa pang-slede/pangparagos*
- *Mga kagamitang pang-kaligtasan (halimbawa, helmet)*



Kung ang mga mag-aaral ay walang ganitong kagamitan, at ang mag kagamitang tulad nito ay gagamitin kaugnay ng mga aktibidad sa paaralan, ang paaralan ay dapat tumulong sa mga magulang at mag-aaral na humiram ng kagamitan o gabayan sila kung paano ito mahihiram.

*Maaaring hiramin ang mga kagamitan sa Treasury (BUA). Address: Halfdan Wilhelmsens alle 1 B.*

## IMPORTANTING MALAMAN

**Ang paaralan ay walang pagkakataon na:**

- Magpataw sa mga magulang ng boluntaryong gawain, ngunit ang mga magulang ay maaaring mag-ambag sa boluntaryong gawain kung nais nila.
- Mag-organisa ng pangangalap ng pera para sa mga aktibidad at iba pa, sa ilalim ng pangangalaga ng mga magulang.
- Mag-organisa ng pangungulikta ng pera para sa anumang pondo ng klase.
- Mag-organisa ng mga aktibidad na pinasimulan ng mga magulang, kung saan ang mga magulang ay kinakailangang magbayad para sa paglahok: ang kontribusyon sa pananalapi ay dapat tunay na boluntaryo.
- Pumapel sa mga kaganapan o paglalakbay na nangangailangan ng pagbayad ng magulang/bayad para makapasok (entrance fee), kahit na ito ay sa ngalan ng mga magulang, at ito ay magaganap sa panahon ng libreng oras, pagkatapos ng oras ng paaralan.

*Ang FAU (conseho/representanting mga magulang sa paaralan at kindergarten) o class adviser, ay maaring magbuo ng aktibidad na nagkakahalaga ng pera, ngunit ang partisipasyon o kontribusyon galing sa mga magulang at mag-aaral ay dapat boluntaryo lamang.*


**Para makatulong na lumikha ng pantay na pagkakataon para sa mga mag-aaral sa munisipyo, dapat isaalang alang ng mga klasekontak ang mga sumusunod:**

- Ang lahat na kontribusyon (pinansyal at praktikal) sa mga aktibidad na pinasimulan ng mga magulang sa panahon at sa pagkatapos ng oras ng paaralan ay dapat na ito ay tunay na boluntaryo para sa mga magulang.
- Pagtuonan na ang mga kaganapan para sa klase pagkatapos ng oras ng paaralan ay walang bayad.
- Ang lahat na mag-aaral ay isama sa mga aktibidad na inu-organisa ng mga magulang pagkatapos ng oras ng paaralan, anuman ang pinansiyal at praktikal na kontribusyon ng mga magulang.
- Ang mga kontribusyon para sa anumang pondo ng klase ay boluntaryo, at ang mga pamilyang hindi nag-aambag ay isama pa rin.
- Dapat isiping mabuti kung papaano ipagdiwang ang kaarawan, kung ito ay mukhang inclusive o eksklusibo.
- Huwag hilingin sa mga mag-aaral na magdala ng pagkain, halimbawa para sa almusal ng Pasko ng Pagkabuhay (Mahal na araw), rice porridge sa Pasko at iba pa.

TØNSBERG KOMMUNE

TØNSBERG
KOMMUNE

Sammen skaper vi
en **nytenkende, trygg** og
**bærekraftig** kommune.



***Batas ng Seksyon ng Edukasyon, talata 2-5:***
***Libreng elementarya at sekondaryang edukasyon***

*Ang pangunahing edukasyon ay dapat libre. Ang munisipalidad ay hindi dapat mag-atas sa mga mag-aaral o mga magulang na sila ang magbayad lahat ng mga gastos na may kaugnayan sa pangunahing edukasyon, tulad ng mga gastos para sa mga materyales sa pagtuturo, transportasyon sa oras ng paaralan, mga pag-kakampo o iba pang mga paglalakbay sa paaralan.*

TØNSBERG
KOMMUNE

**Tønsberg kommune**
*postmottak@tonsberg.kommune.no*
Postboks 2410, 3110 Tønsberg
Telefon 33 40 60 00
*www.tonsberg.kommune.no*